



ANG

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

# Bayan

Espesyal na Isyu

Mayo 31, 2015

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

## Dapat manindigan nang nagsasarili ang sambayanang Pilipino sa pagtatanggol ng teritoryo at soberanya ng Pilipinas

**Pahayag ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas laban sa militarisasyon ng China at US sa mga teritoryong dagat ng Pilipinas at sa pagkapapet ni Aquino sa US**

**K**inukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang mga gubyerno ng US at China sa tuluy-tuloy na pagpapalakas ng mga pwersang militar sa South China Sea sa saklaw ng teritoryong dagat at eksklusibong sonang pang-ekonomya (*exclusive economic zone* o EEZ) ng Pilipinas (na tinutukoy ring West Philippine Sea). Ang lumalaking presensya ng mga dayuhang pwersang militar sa mga lugar na ito ay tahasang paglabag sa integridad panteritoryo at soberanya ng Pilipinas.

Kinukundena rin ng PKP ang mga upisyal panseguridad at pan-dependensa ng mga gubyerno ng US at China na sa nagdaang mga araw ay nagpapakitaang-gilas militar at nagpapalitan ng mga banta na hahantong ang kasalukuyang mga sigalot sa armadong kumprontasyon. Kaisa ng mamamayang Amerikano at Tsino at ng buong pandaigdigang komunidad ng mga mamamayang naghahangad ng kapayapaan, dapat batikusin ng sambayanang Pilipino kapwa ang China at ang US sa pagtataas ng init ng gera sa pamamagitan ng pagtatambol at pagpapalawak ng kanilang presensyang militar sa South China Sea.

Nananawagan ang PKP sa mamamayang Pilipino na manindigan nang nagsasarili sa pagtatanggol sa teritoryo at pambansang soberanya ng Pilipinas laban sa pagtatangka kapwa ng China at US na magtatag ng baseng pusisyon sa teritoryong dagat ng Pilipinas at magkaroon ng eksklusibong kontrol sa rutang pangkalakan sa karagatan ng Pilipinas upang gamitin itong instrumentong

pang-ekonomya at pampulitika sa kanilang tumitinding antagonismo.

Nananawagan ang PKP sa mamamayang Pilipino na manindigan laban sa lumalalang panghihimasok ng militar ng China sa mga karagatang teritoryo at pormasyong kalupaan ng Pilipinas sa South China Sea. Ang malakihang reklamasyon ng lupa at konstruksyon ng China ng paliparan, daungan at iba pang pasilidad militar sa mga isla ng Spratly ay tahasang pagbalewala sa 200-milyang EEZ at *extended continental shelf* ng Pilipinas na isinasaad sa UN Convention on the Law of the Seas (UNCLOS).

Dapat kundenahin ng sambayanang Pilipino ang gubyerno ng China sa pinalaking presensya ng pwersang nabal sa lugar at aroganteng pag-aangkin ng eksklusibong mga karapatan. (Napasusubalian ang gayong pag-aangkin ng pangkasaysayang datos at ng umiiral na mga pandaigdigang batas kabilang ang UNCLOS.) Dapat ding nilang batikusin ang pagpakat ng armadong mga sasakyan ng coast

*guard* ng China na dumadalas ang agresibong pagpasok sa mga karagatang teritoryo ng Pilipinas habang protektahan ang malalaking barkong Tsino sa mga dagat palaisdaan ng Pilipinas (tulad sa Bajo de Masinloc o Panatag Shoal).

Lalong dapat kundenahin ng PKP at sambayanang Pilipino ang gubyerno at militar ng US sa pagpapakat nito ng lumalaking bilang ng mga tropa, barkong pandigma, *jet fighter*, *drone*, eroplanong paniktik, submarino, sandatang nukleyar at iba pang kagamitang pandigma sa South China Sea at sa kabuuan ng rehiyong Asia-Pacific. Sa pagdeploy nito ng hanggang 60% ng pwersang nabal at 50% ng pwersang pangkati at panghimpapawid sa Asia sa ilalim ng tinawag na "pivot" o "rebalancing" (pagpihit) ng sandatahang lakas ng US sa East Asia, itinataas ng US ang posibilidad ng armadong komprontasyon at gera sa rehiyon.

Dagdag pa, kinukundena ng PKP ang US sa paggamit ng mga kampo at baseng panghimpapawid ng militar, mga paliparang sibilyan at mga pasilidad pangnabal sa Pilipinas bilang lunsaran ng mga operasyon nito sa pagmamanman sa karagatan at surbeylans panghimpapawid, sa pagpapakitang-lakas at sa probokasyon sa South China Sea.

Mariing kinukundena ng PKP

ang papet na rehimeng Aquino sa paggamit ng nagsasalungatang pag-angkin sa South China Sea bilang dahilan para isuko ang soberanya ng Pilipinas sa US sa pamamagitan ng pagpirma sa Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA), na siyang nagbibigay-daan sa militar ng US na magtatag ng mga base at pasilidad nito sa tinatawag na Agreed Locations sa loob ng mga kampong militar sa Pilipinas.

Nakakuha rin ng katulad na mga kasunduan o kaayusan ang gubyernong US sa Japan, Australia, Singapore at iba pang sunud-sunurang estado. Nagbubuo ito ng alyansa ng mga bansang nakatakdang gamitin ng US bilang mga base militar at lunsaran ng mga operasyong militar ng US.

Sa nagdaang mga araw, pinatitingkad ng US ang panghihimasok ng China sa EEZ ng Pilipinas sa pamamagitan ng "paglantad" ng reklamasyon ng lupa at konstruksyon ng China ng mga pasilidad militar, at gumawa ng pagpapalipad ng P-8 Poseidon na pangdigmang eroplanong pangsurbeylans malapit sa mga pasilidad ng China—na tinugunan naman ng China sa pamamagitan ng mga babala sa radyo.

Sinundan ito ng US ng mga dekla-

rasyong gagamit ito ng lakas militar upang hadlangan ang anumang bansa o pwersang sasagka sa tinaguriang "freedom of navigation" (kalayaan sa paglalayag) sa South China Sea. Sa sobrang dramatikong paraan naman pinalayag ng US ang pinakamalaki nitong *aircraft carrier*, ang USS Ronald Reagan, patungo sa Pacific Ocean.

Malinaw na ang layunin ng pakanang drama ng US sa midya ay maghasik ng anti-China na takot sa mamamayang Pilipino upang papaniwala sila sa mapanlinlang na "espesyal na relasyong US-Pilipinas" na hinahabi ng mga eksperto ng US sa pagimpluwensya ng upinyong publiko, ng mga tagahabi ng saywar at malisyosong kwento at ng mga katuwang nila sa Pilipinas.

Litaw na ang ingay sa midya na pinakukulo ng US at papet na rehimeng Aquino ay nakatyempo sa napipintong pagpapasya ng Korte Suprema sa petisyon na isinampa laban sa EDCA dahil sa paglabag nito sa konstitusyong 1987 ng Pilipinas na nagbabawal sa pagtatayo ng mga dayuhang base at pasilidad sa bansa.

Pinalalabas pa ng masusugid na tagapagtanggol ng rehimeng Aquino at malaking midyang burges na hindi mangangahas ang China na magtatag ng presensyang militar nito sa mga teritoryong dagat ng Pilipinas kung mayroon lang sanang mga base militar ng US sa Pilipinas.

Hindi dapat paniwalaan ng sambayanang Pilipino ang walang-basehang propaganda na ito. Dapat ding itakwil ang walang-batayang pahayag ng papet na rehimeng Aquino na ang presensyang militar ng US sa Pilipinas ay hadlang sa pagpasok ng China sa EEZ at teritoryong pandagat ng Pilipinas. Ang totoo, ang presensya ng mga barkong pandigma at pwersang militar ng US sa Pilipinas at sa Pacific Ocean at South China Sea ay malinaw na magnet para sa

pagsalakay ng China.

Dapat ding pasubalian ang sinasabi ng rehimeng Aquino na ipagtatanggol ng US ang mga inaangkin ng Pilipinas na mga lugar sa mga isla ng Spratly. Tinutukoy ng mga panatikong maka-US ang puro-retorikang talumpati ni President Obama ng US sa Pilipinas noong 2014 na nagsabing "balotng-bakal" ang katapatan ng US sa kanyang mga tratado. Subalit noong nakaraang linggo lamang, muling isinaad ni Secretary of State John Kerry, at ng iba pang matataas na upisyal ng US na bumisita sa China, ang pusisyon ng US na "wala itong pinapanigan" sa usapin sa South China Sea.

Nahihibang ang rehimeng Aquino at ang maka-US na mga upisyal nito sa pag-iisip na nagpapalaki ng presensyang militar ang US sa South China Sea para sa paghahanda nito sa gera na magtatanggol sa soberanya ng Pilipinas. Mismong ang pamahalaang US na ang nagdeklara noong nakaraang Pebrero sa kanyang National Security Strategy (NSS o Estratehiya ng Pambansang Seguridad) na "hindi tayo agad na gagawa ng aksyong militar kung walang tuwirang banta sa ating interes."

Paulit-ulit na iginigiit ng US na itinatatag nito ang presensya sa South China Sea para matiyak ang "kalayaan sa paglalayag" na walang iba kundi ang pagtiyak sa malayang pagdaloy ng mga produkto ng US mula sa Indian Ocean hanggang sa Pacific at papasok sa malawak na pamilihan sa China at iba pang bahagi ng Asia. (Napakaipokrito, sa katunayan, para bihisan ng US ang sarili na tagapagtanggol ng "kalayaan sa paglalayag" habang ang katotohana'y isa ito sa pinakamasigasig sa pagtakda ng mga pagbawal sa pangangalakal at blokeyong pang-ekonomya laban sa mga bansang tumindig kontra sa dikta ng US, gayundin sa paglagay ng proteksyunistang barikada sa paligid ng



Espesyal na Isyu | Mayo 31, 2015

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong *download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa: [www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

sarili nitong ekonomya.)

Noong hinarap ng militar ng US ang pwersang kolonyal ng mga Espanyol sa huwad na labanan sa Manila Bay may mahigit isang daang taon na ang nakalipas, hindi ito para sa “kabaitan” o kagandahang-loob sa sambayanang Pilipino, kundi para maglingkod sa pangangailangan ng mga kapitalistang US na naghahanap ng pamilihan, murang paggawa at hilaw na materyales. Noong panahon ng pananakop ng Japan, nakita ng US na alinsunod sa interes nitong iwan muna ang Pilipinas at muli itong saklutin noong 1946 sa pamamagitan ng pagbomba sa Manila kahit matapos na napalaya na ng mga mandirigmang gerilyang Pilipino ang malaking bahagi ng bansa. Kung pumasok man ang US sa tuwirang aksyong militar sa South China Sea sa hinaharap, makatitiyak na hindi ito para ipagtanggol ang soberanya ng Pilipinas, kundi para sa pagtataguyod ng interes pang-ekonomya at geopolitikal ng US.

Bilang baguhang kapangyarihang imperyalista, ibayong nagiging agresibo ang China sa pagtanggol at paglawak ng pambansang teritoryo nito, ng mga pamilihan at lugar ng pamumuhunan at mga pagmumulan ng langis at iba pang rekurso. Mabilis nitong pinalalakas ang kakayahang militar, kahit na hindi pa nito naisasagawa ang anumang gerang agresyon o okupasyon. Gayunpaman, nagagamit nito ang lakas-militar bilang sandata sa internasyunal na pakikitunggaling diplomatiko upang ipagtanggol ang kanyang interes at mga alyansa.

Habang tumatagal at tumitindi ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista, ibayo ang pagbabanggaan sa isa't isa ng mga kapangyarihang imperyalistang US at China. Kapwa panig ay naghahangad na magtatag ng natatanging kontrol sa rutang kalakal ng South China Sea na may layuning siguruhin ang daloy ng kanilang mga produkto, tiyakin ang patuloy na paglawak ng kanilang mga pami-

lihan, pinagkukunan ng murang hilaw na materyales, at sakop ng impluwensya at pamumuhunan, lalo na sa rehiyong Asia-Pacific.

Hindi na maiiwasan ang muling paghahati ng daigdig sa pamamagitan ng digmaan. Inilunsad na ang mga imperyalistang gerang agresyon laban sa Yugoslavia, Iraq, Afghanistan, Libya at Syria. Pumuputok ang mga digmaang *proxy* sa iba't ibang bahagi ng daigdig habang ang mga kapangyarihang imperyalista ay naghahangad na maseguro at makontrol ang reserbang langis at gas, mga daluyan ng langis at ruta ng kalakal, pagmumulan ng *rare earth*, ginto at iba pang mahalang mineral, mga pamilihan at paglalagakan ng kapital.

Gumagamit ang mga monopolyo kapitalista sa US ng diplomatiko, pampolitika at kalkuladong pangmilitar na presyur sa tangkang higit pang mabiyak ang kapitalismong-estado ng China at payagan ang higit pang paglawak ng mga produktong US sa pamilihan sa China. Sa kanyang NSS, mapagmagaling na idineklara ng US na “itinatanggi nito na di-maiiwasan ang kumprontasyon” sa China, ngunit kasabay nito iginigiit na “makikipagkumpetisyon” ito sa China mula sa “bentaheng pusisyon,” na bukambibig para sa pagpapalawak ng presensyang militar ng US.

Ang mga imperyalistang US at China at ang kanilang higitang mga militar ay walang dili't iba kundi mga maton na naghahangad daihin ang isa't isa para maitatag ang baseng pusisyon sa loob ng soberanong teritoryo ng Pilipinas.

Sa kabilang banda, habang nagpapakitaang-gilas militar, nagkakaisa ang kapangyarihang imperyalista ng US at China sa pagsasamantala at pang-aapi ng proletaryado at mamamayan ng daigdig. Kapwa nakikinabang ang oligarkiyang pampinansya at monopolyo kapitalista ng US at China sa neokolonyal na pagtutulak na buksan nang todo-todo ang ekonomya ng Pilipinas at iba pang atrasado, ag-

raryo at di-industriyalisadong mga bansa.

Sa harap ng gayong ribalan at sabwatan sa hanay ng mga imperyalista, dapat matatag na manindigan ang sambayanang Pilipino para sa patriyotismo at pambansang kalayaan at labanan ang tumitinding presensyang militar ng China at US sa loob ng teritoryo ng Pilipinas.

Dapat manindigan nang nagsasarili ang mamamayang Pilipino at ipagtanggol ang soberanya ng Pilipinas at ang integridad ng teritoryo ng bansa. Ang kasaysayan ay hitik sa mga halimbawa kung papaanong nagsasariling nakibaka para sa pambansang kalayaan ang mga mamamayan sa pamamagitan ng pakikibakang masa at armadong paglaban.

Maaari silang humalaw ng inspirasyon mula sa sarili nilang kasaysayan ng magiting na pakikibaka laban sa kolonyalismong Espanya, US at Japan at laban sa neokolonyalismong US mula 1946.

Dapat nilang igiit ang kagyat na pag-alis ng mga pwersang militar ng China at US sa EEZ ng Pilipinas at teritoryong dagat. Dapat igiit ang kagyat na pag-alis ng mga tropang Amerikano na nakaistasyon sa iba't ibang kampong militar at *training ground*.

Dapat igiit ang kagyat na pagpapawalambisa ng EDCA, ng Visiting Forces Agreement (VFA), at ng Mutual Defense Treaty (MDT). Angkop lamang na gunitain sa susunod na taon ang ika-25 anibersaryo ng makasaysayang pagtatakwil ng Senado ng Pilipinas sa Military Bases Agreement noong Setyembre 17, 1991.

Dapat makibaka ang sambayanang Pilipino para wakasan ang neokolonyal na papet na estado na kasalukuyang pinamumunuan ng nangungunang tutang Amerikano na si Benigno Aquino III. Sa pagpapinatiling mala-kolonyal at malapyudal ng sistema sa Pilipinas, hindi nagawa ng namumunong mga papet na isakatuparan ang modernisasyon ng ekonomya o pataasin ang kaka-

yahang ipagtanggol ang mga hangganan at pambansang teritoryo.

Ipinailalim ng naghaharing neokolonyal na estado ang patakarang panlabas ng Pilipinas sa geopolitikal na interes ng US, ibinaba ang ekonomya ng Pilipinas sa habampanahong pag-asa sa dayuhan, pagka-

atrasado at krisis at pinagdusa ang masang Pilipino sa malawakang pagkagutom, pang-aapi at pagsasamantala.

Dapat labanan ng sambayanang Pilipino ang pagtatambol ng gera at posibilidad ng tunggaliang armado sa pagitan ng mga pwer-

sang militar ng US at China sa loob ng Pilipinas at sa teritoryong dagat nito. Kung magkaganoon man, tungkulin ng sambayanang Pilipino at mga pwersang rebolusyonaryo na ibayong patindihin ang digmang bayan para sa pambansa at panlipunang paglaya. AB

**ITIGIL ang militarisasyon ng US at China sa teritoryong dagat ng Pilipinas sa South China Sea!**

**KUNDENAHIN ang pagkatuta ni Aquino sa imperyalismong US!**

**MAKIBAKA para sa pambansa at panlipunang kalayaan!**

**ISULONG ang digmang bayan!**